# Chapter-4

Khell Pov

Dahan-dahan kong minulat ang aking mata, at bumungad sa akin ang sinag ng ilaw.

"Avhell" napatingin ako sa bedside ko.

"Ano ang ginagawa ko dito?" I asked. "Bakit nandito ako sa hospital?"

"Are you okay?— wait tatawagin ko lang ang doctor" she said. Pipigilan ko sana ito pero naka-labas na ito.

Pagkabalik nito ay may kasama na nga itong doctor, agad naman akong sinuri. Nakahawak ito sa kamay ko at bakas ang pag-alala sa kanyang mukha at mata.

"Kailangan niya lang uminom ng gamot dahil delikado ang ulcer nito" baling ng doctor sa akin habang umiiling.

"I'm okay Christell" I said and avertize my gaze.

Nagpaalam na ang doctor na lalabas na at ibibigay na lang daw kay Christell ang resita ng gamot. Tumingin ito sa akin ng masama.

"What?" i said.

"Tsk you ugh— ang tigas ng ulo mo, bakit kaba nagpapagutom" wika nito at napa hilamos sa kanyang mukha. Napanguso naman ako.

"Kasalanan ko bang tamad akong lumabas?" turan ko at tinarayan ito.

"You—" i crossed my arm to my chest. Agad itong umiwas ng tingin. "Never mind" she said. Agad itong naglakad at akmang lalabas nang tawagin ko ito.

"Where are you going?" I asked.

"Bibili ng pagkain mo" sigaw nito pero ramdam mo pa rin ang lamig sa kanyang boses. Lihim naman akong napangiti. Atleast she care of me.

Nang makalabas ito ay napangiwi ako dahil sa sakit ng nararamdaman. Hindi na talaga ako magpapagutom at baka matuluyan ako ng maaga.

Ilang minuto lang ay bumalik na ito at may dalang pagkain, tahimik niya itong nilabas mula sa paper bag, hindi talaga mahilig si Christell sa plastic dahil nakakasira daw iyon sa ozone layer.

"Eat" she said. "Because later we will go home na" ang conyo niya talaga magsalita.

Hindi ko ito pinansin at kinuha na lamang ang hawak nito. Nagsimula na akong kumain dahil sa gutom na rin.

"You have to take care of yourself" she said. Himala at kinakausap ako nito.

"W-why didn't you throw away our wedding picture?" I said out of nowhere, bigla ko na naman kasi na alala ang bagay na iyon noong lasing ito.

Umiwas ito ng tingin at hindi nagsalita. Umupo ito sa couch kaya naman hinayaan ko na lamang at hindi nagtanong pa. Tinapos ko na lang ang pagkain ko at uminom ng tubig.

"Are you okay na? Pwede na tayong umuwi sabi ng doctor" she said with cold tone.

Tinarayan ko ito at bumaba sa white bed. Naka-suot pa rin ako ng pang-professor na uniform.

Hinayaan lamang ako nito sa aking gagawin. "I'll wait you outside" saad nito at nauna nang lumabas. Inayos ko na lamang ang sarili ko at agad na rin lumabas. Hinanap ko ito ngunit hindi ko nakita kaya naman naglalakad na lamang ako hanggang sa makita ko ito sa cashier, nagbabayad pala.

Hinayaan ko lang ito sa kanyang gagawin at napatingin sa mga tao dito sa hallway ng hospital.

"Let's go Avhell" she said. Nandito na pala sa tabi ko hindi ko man lang napansin. Nauna itong naglakad habang nakasunod ako sa kanya.

Nang makarating kami sa parking lot ng hospital ay nag-alinlangan pa akong pumasok sa kotse nito. Gabi na rin pala.

"Get inside Avhell" she coldly said. Para akong aso na nakasunod sa sinabi nito.

STORY CONTINUES BELOW

Nang makapasok ay inayos ko rin ang seatbelt ko, this is my second time na makapasok sa loob ng kotse niya at isa lang ang masasabi ko mabango ang loob nito, hindi matapang ang amoy ng aircon unlike sa ibang kotse.

Hindi ito nagsalita habang nag ddrive habang ako naman ay tahimik na nakatingin sa labas ng bintana. Hanggang sa huminto ito sa pharmacy.

"Wait me here" she said. Tanging tango lang ang sagot ko at pinikit ang aking mata.

Naramdaman ko ang pagbukas sara-pinto ng kotse. "Avhell drink this" napamulat ako at tinignan ito.

"Anong nakain mo at bakit ang bait mo ngayon?" hindi ko mapigilan na itanong. Hindi ito nagsalita pero ang sama at malamig na naman na tingin ang pinukol nito sa akin.

Ininom ko na lamang ang gamot at tubig na binigay nito. Nabawasan na rin ang sakit na nararamdaman ko pero pakiramdam ko ay masusuka ako.

"I want to vomit Christell" nanghihinang wika ko.

"Fuvk" she cursed under her lungs. Agad akong lumabas sa kotse nito at sumuka. Ramdam ko naman ang pag-hagod nito sa likod ko. Naka-sunod na pala ito sa akin.

Nang matapos ako sa pagsusuka ay nanghihinang napa-yakap ako ito. Wala na akong pakealam kung magalit ito, I feel weak right now, my legs are trembling.

"I-i'm w-weak, h-hold me please" mahinang wika ko at sumiksik sa kanyang leeg. Napasinghap ito.

Agad ako nitong binuhat patungo sa kotse at pinasok sa passenger seat. Umikot ito patungo sa driver seat at nagmaneho pauwi ng mansion.

Binuhat pa rin ako nito habang ako ay nakasiksik lamang sa kanyang leeg. "Christell" sambit ko. Hindi ko alam kung saa niya ako dinala. Ulcer lang to pero pakirandam ko ay hinihigop nito ang lakas ko.

"Hmm?" she hummed.

"I-i'm weak" I said.

"I know" she coldly said.

Naramdaman ko na lamang ang lambot ng kama ng ihiga ako nito, I gulp when I saw a familiar room. Nakapatay ang ilaw at nababalutan ng makakapal na kurtina ang bintana nito kaya hindi maaninag sa loob, samahan mo pa ng dark color nitong kwarto.

"You're here in my room" she said ang avertize her gaze. "You can take a rest here" hindi ako nagsalita at pumikit na lamang. Pakiramdam ko ay magsusuka na naman ako kapag nagsalita pa ako kahit isang beses.

Hindi ko namalayan na nakatulog na pala ako kung walang nakalapat na bimpo sa katawan ko.

"Christell"

"Let me take care you, ang init mo" she mumble. Hinayaan ko ito sa gusto niyang gawin. Akala ko kanina ulcer lang, hindi man lang ako nakaramdam na nilalagnat na pala ako.

Naramdaman ko ang pagtabi ni Christell sa akin pero nanatiling naka-pikit ang mata ko.

I hug her to feel her warm body. "Christell, I'm cold" I said. Hindi ito nag salita pero she hugged me back, I smiled under her neck. Amoy na amoy ko ang natural nitong amoy.

Kinabukasan ay na gising ako sa alarm clock nito. I gasp when i saw our position, her arm was on my waist. Habang naka siksik ang mukha nito sa leeg ko. Dahan-dahan kong inalis ang kamay nito para hindi magising.

Nang matagumpay ay dahan-dahan akong tumayo. Tinignan ko ang kabuuan ng kwarto pero katulad nang nakaraan ay hindi ko makita ang mga mukha ng mga nakasabit sa frame na iyon. Hinanap ko ang wedding photo namin at nakita ko iyon sa bedside table niya. Lihim akong napangiti and my heart melt, kinuha ko iyon para mas lalong tignan. Agad ko itong inilapag.

Lumabas ako ng kwarto nito at tinungo ang kusina para uminom ng tubig. Nagluto na rin ako dahil mamaya ay magigising na ang yelo na iyon at back to normal na naman.

"Okay kana?" muntik pa akong mapatalon sa boses na iyon. Sinamaan ko ito ng tingin. Imbes na sagutin ito ay hinanap ko agad ang bag ko.

"Where's my bag? Kailangan ko mag grocery mamaya, nandon ang card mo" saad ko at tinarayan ito

"Are you okay na?" she said again. Sinamaan ko ito ng tingin. "I think yes" she coldy said to herself. "Your bag is in your room" wika nito at nagtimpla ng kape.

Umupo ito habang ako naman ay sinalinan ang dalawang pinggan para sa aming dalawa. Inilapag ko sa harap nito ang pinggan na may lamang sunny egg at sinangag.

"Eat" I said. Hindi ito nagsalita at tumayo para maghugas ng kamay at kumuha ng kutsara. Masiyado talaga siyang malinis.

Nang matapos akong kumain ay tinungo ko ang kwarto ko at agad naligo. Nagbihis na rin ako tutal ay sabado ngayon kaya may time ako para Makapag-grocery.

Kinuha ko lang ang wallet ko sa bag at card ni Christell agad ko iyon inilagay sa wallet. Lumabas ako ng kwarto at naabutan ko ito sa sala na nagbabasa ng magazine.

"Aalis kana?" she asked. I just nod my head as a response. "Wait me, sasama ako sayo" nanlaki ang mata ko ng sabihin niya iyon.

"Dito kalang" pigil ko sa kanya.

"What?"

"I said dito kalang" wika ko.

"No! Sasama ko" sigaw nito mula sa hagdan.

"Christell!!"

"Tsk" she hissed at patakbong umakyat sa kwarto nito, walang nagawang hinintay ko ito sa sala. Ilang minuto pa ay bumaba ito ay ready na nga, she's wearing nude pants, white shoes habang naka tuck-in ang damit nito.

She looks so perfect and gorgeous talaga. "Let's go and don't stare me like that" she said coldly again.

Napaiwas ako ng tingin ar sumunod sa kanya palabas. Nang marating namin ang kotse nito ay nag-aalangan na naman akong pumasok.

"Get in" simpleng wika nito at nauna nang pumasok. Walang nagawang pumasok ako. Agad nitong pinaharurot paalis sa mansion hanggang sa makarating kami sa robinson's market ay tahimik lang kaming dalawa. Tulak ang malaking cart habang namimili dito, ay siya naman ang pumipili at naglalagay.

"Ano ba itong pinapamili mo" turan ko at binabalik.

"What? Magagamit natin yan" saad nito at tinarayan ako.

"Tabi! Ako mamimili at ako rin naman ang nagluluto" wika ko at pumili ng sariwang sayote, talong, repolyo at petchay. Inutusan ko itong kumuha ng dalawang kilong manok at dalawang kilong baboy. Habang ako naman ay namimili ng cooking oil.

Nang matapos ay hinanap ko ito para sabay kaming bumili ng mga seasonings. Naabutan ko itong naka-tayo at tila problemado habang naka-harap sa karne. Napasapo lamang ako sa aking noo.

"Are you done?" I asked nang makalapit. Umiling-iling ito. I heave sigh at sumingit. "Dalawang kilo ngang karne at dalawang kilong manok na rin, paki slice po salamat" wika ko. Tumango naman ang lalaki.

Tinignan ko naman si Christell na ngayon ay masama ang tingin sa akin.

"What?" I asked.

"Nevermind" malamig na wika nito.

Nang maibigay sa akin ay nauna na akong maglakad, habang ito ay nakasunod lamang. Halos dalawang oras rin ata ang ginulgol namin dito sa Market dahil lahat ng nadaanan namin ay kinukuha ito at ako naman parang tanga na binabalik kasi hindi naman namin iyon kailangan.

Nang mailagay na nito ng maayos sa sasakyan ay tumingin ito ng masama. "Why are you returning what I take?"

"Hindi natin iyon kailangan" turan ko at nauna nang sumakay sa kanyang kotse. Sumunod naman ito sa akin at pabagsak na isinara ang kotse.

"K" she simply said.

Hindi ko ito pinansin at tumingin sa labas ng bintana. Hanggang sa makarating kami sa mansion nito ay isa-isa kong kinuha sa compartment ang pinamili namin.

Inilagay ko iyon sa table at isa-isang hinugasan bago ilagay sa ref.

Hindi ko na ulit nakita s Christell at hindi na nito ako pinansin pa mula kanina. Sabagay ano ba ang maasahan ko jan, dati naman yan hindi talaga namamansin. Pikon masiyado.

Nang matapos ako ay, nagluto na rin ako ng pananghalian namin. Saktong sinigang lang ito dahil namimiss ko nang kumain ng lutong bahay. Nagsaing na rin ako at hinayaan iyon maluto sa rice cooker. Pumasok ako sa kwarto ko para maligo.

Nang matapos ay sakto naman luto na ang kanin. Hindi pa rin bumaba si Christell mula sa kwarto nito kaya hinayaan ko na lang, nauna akong kumain hanggang sa matapos ay hindi pa rin ito bumaba.

Bahala siya diyan magutom hindi ko na iyon kasalanan pa.

"Take your med" she said na muntik ko nang ikatalon sa gulat.

"Ano ba" singhal ko dito.

"Tsk"

Naghugas ito ng kamay at kumuha ng pinggan. Pinanuod ko lang ito sa kanyang gagawin hanggang sa maupo ito.

"Don't stare me" she coldly said. Pinilig ko ang ulo ko para suruin ito. "I said don't stare me Avhell" napapailing na naman ako sa lakas ng kanyang boses.

"Try mo nga ngumiti" wika ko. Nag-angat ito ng tingin at tinaasan ako ng kilay. "Palagi kang cold, kalahi mo ba si Elsa sa frozen at ako si Anna?" kagat labi kong pinigilan ang pagtawa ng sumama ang tingin nito, pikon talaga.

Nang matapos akong uminom ng gamot ay lumabas na rin kaagad ako at hindi na inasar pa, baka bugahan ako ng ice eh, mahirap na. Mabuti nang sigurado.

Nanuod na lamang ako ng tv sa sala.

"Watching Doraemon?" she asked sarcastic.

"So?" mataray na wika ko.

"Tsk! At your age"

"Walang pinipili ang edad kung gusto mo manuod"

"Yeah! Coming from the childish of Cameron" wika nito, ngayon ay dumilim ang awra ng kanyang mukha at mas lalong lumamig ang tingin nito.

Pinilit kong hindi makaramdam ng takot sa oras na ito at umiwas ng tingin. Hindi ko ito pinahalata na natatakot ako.

Umalis ito ng walang pasabi at umakyat sa hagdan. Ano na naman ba ang problema ng babaeng yon?.

Pagsapit ng gabi ay hindi ko na ulit ito nakita na bumaba, hinayaan ko na lang ito. Pag-sapit ng linggo ay hindi na itong tumingin pang muli sa akin. Hindi ko alam kung matutuwa ba ako o maiinis sa inaasta nito.

Wala akong matandaan na naging atraso ko dito. Gusto ko magtanong pero hindi ko magawa.

Dumaan ang lunes at as-usual nag commute na naman ako, as if naman isasakay ako nito sa kotse niya.

Binalik ko rin kahapon ang card nito, mahirap na at baka maisumbat pa nito sa akin.

"Good morning Miss Cameron" bati ng mga estudyante ko. Tumango naman ako.

As-usual ay naging busy na ulit ako, hindi kami magkatugma ng schedule ni Christell, kaya hinayaan ko. Mabuti na siguro ang ganito kaysa mag-bangayan pa kaming dalawa.

Tuwing lunch ay nasa o ice ko ito at nagdadala ng pananghalian. Hindi ito nagsasalita. Malamig pa rin ang tingin nito sa akin.

Dumaan ang mga araw at ganon pa rin ang pakikitungo nito, bawat tanong ko ay tanging isang word lang ang sinasagot. Wala akong nagawa kundi hayaan ito. Bahala siya diyan, hindi ko na problema kung ano man ang ikina-init ng ulo non.

"Miss Cameron" tawag ng isang co Prof ko.

"Bakit?"

"Nakita mo si Prof Felix?" kunot-noo ko itong tinignan.

"Hindi bakit?"

"Sayang may naghahanap kasi sa kanya" taka ko itong tinignan dahil tila kinikilig pa. "Sige Prof, una na ako" wika nito, napatango na lamang ako at umiling, hindi ko na rin pinansin ang sinabi nito.

Continue reading next part